REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

## KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-53

**KAPASIYAHAN NA NAGKAKALOOB NG ISANG LIBONG PISONG (P1,000.00) ALLOWANCE BAWAT BUWAN SA DALAWAMPU'T LIMANG (25) TEACHER VOLUNTEERS NG EARLY EDUCATION CENTERS (R.I.C.) NA NASA ILALIM NG EXTENSION SERVICES OFFICE NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

********************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

********************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Early Education Centers na dating Rural Improvement Centers (R.I.C.) ay isang non-formal education program na nailipat mula sa pamahalaang nasyonal tungo sa Lungsod ng Muntinlupa na ngayon ay nasa ilalim na ng Extension Services Office ng Lungsod.

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay mayroong dalawampu't limang (25) guro na boluntaryong nagtuturo sa loob ng dalawang (2) oras araw-araw;

**SAPAGKAT,** upang masuklian ang ginagampanang tungkulin ng mga nabanggit na volunteers nararapat na sila ay mapagkalooban ng allowance;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Republic Act 7160, seksiyon 458 (ix), maaaring pahintulutan ng Sangguniang Panglungsod ang pagbibigay bayad sa mga kwalipikadong tao na hindi naglilingkod sa pamalahaan (government service) at gumaganap sa isang hindi permanenteng kawalan (temporary vacancy);

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ang mga sumusunod :

**TALATA I.** Pagkalooban ng dagdag na Isang Libong Pisong (P1,000.00) allowance bawat buwan ang dalawampu't limang (25) boluntaryong guro ng Early Education Centers (R.I.C.);

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**TALATA II.** Ang pondong gagamitin para sa layuning ito ay magmumula sa Salary Savings ng Personal Services ng Tanggapan ng Extension Services.

**TALATA III.** Ang benepisyong binabanggit sa Talata I ay magkakabisa mula sa Hunyo 1997 hanggang sa katapusan lamang ng Executive Budget ng 1997.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **07 Hulyo 1997**, sa ginanap na **ika-88 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**LIBAN :**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa : ____________________

a

**City Hall of Muntinlupa**
**National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines**

**Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77**
**Fax No. 8426196**